Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Santa Cruz

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-10 NG PEBRERO, 1999, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:05 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. HEIDI S. CIRIACO ............ PANG. PUNONG BAYAN
Tagapangulo
Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. ...... Kagawad
Kgg. Florencio C. Odejar ......... Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez .......... Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison ............ Kagawad
Kgg. Louie C. de Leon ............ Kagawad
Kgg. Ariel T. Magcalas ........... Kagawad
Kgg. Edgardo I. Forca ............ Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villaseñor ....... Kagawad

DI-DUMALO:

Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan. Kagawad
Kgg. Angelito U. Limjuco ......... Kagawad

KAPASIYAHAN BLG. 041-T'99

KAPASIYAHANG SINUSUSUGAN ANG ARTIKULO III, SEKSYON 1 NG KAPASIYAHAN BLG. 17-T'95; ARTIKULO III, SEKSYON 5 AT ARTIKULO IV, SEKSYON 5 NG KAPASIYAHAN BLG. 83-T'92/KAUTUSANG BAYAN BLG. 8-T'92.

SAPAGKA'T, may mga panuntunan at alituntuning sinusunod sa ilalim ng pagpapatupad ng Kautusang Bayan Blg. 8-T'92 upang malaman at masuri ang bilang ng mga pumapasadang traysikel na-de-motor sa bayang ito at tuloy mapangalagaan ang mga ito tungo sa kapakanan at kagalingan ng kanilang paglilingkod;

SAPAGKA'T, kaakibat ng pagsunod sa mga panuntunang ito ay makapagsagawa ng mga pamamaraang maisaayos at maiakma sa kasalukuyan ang mga pagbabago sa panuntunang dala ng pagsulong ng panahon, kasabay ng pagsasaalang-alang sa mga disiplina at rebolusyon ng tamang kaisipang itinaguyod ng kasalukuyang pamamahala;

KUNG KAYA'T DAHIL DITO, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Ricardo B. Ramirez, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Louie C. de Leon, Bernardo E. Ison, Florencio C. Odejar at Jeffrey A. Villaseñor at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

PINAGPASIYAHAN: Na pagtibayin ang mga sumusunod na:

KAUTUSANG BAYAN BLG. 02-T'99

KAUTUSANG SINUSUSUGAN ANG ARTIKULO III, SEKSYON 1 NG KAPASIYAHAN BLG. 17-T'95, ARTIKULO III, SEKSYON 5 AT ARTIKULO IV, SEKSYON 5 NG KAPASIYAHAN BLG. 83-T'92/ KAUTUSANG BAYAN BLG. 8-T'92.

IPINAG-UUTOS ng Kgg. Sangguniang Bayan ng Santa Cruz, Laguna na:

ARTIKULO III, SEKSYON 1 - Ipinag-uutos sa mga may-ari o operator ng traysikel na de-motor na taga-Santa Cruz, Laguna, ang magpatala sa Tricycle Franchising Regulatory Committee mula sa ika-1 ng Pebrero hanggang sa ika-31 ng Marso ng bawat taon.

ARTIKULO III, SEKSYON 5 -- Ipinag-uutos ang pagbabayad ng halagang P250.00 sa paghahain ng aplikasyon at pagkuha ng prangkisa (franchise fee).

ARTIKULO IV, SEKSYON 5 -- Ang "special authority" o prangkisa ay magkakabisa sa nilolooban ng isang taon mula sa pagkuha nito, at matapos ang taning na panahon ay maaaring mai-renew ito sa pagpapasiya ng TFRC.

INIUUTOS: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Sangguniang Panlalawigan, Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pinuno sa Pulisya at Lupon sa Prangkisa, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan

SANGGUNIANG BAYAN
RECORDED
BY: 3-25-99
CRUZ, LAGUNA